# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 67*

## *Ang mga Fariseo at ang mga eskriba ng simbahan ng Bagong Tipan ay nauukol sa pitong kandelero na pitong simbahan na ipinadala ni Jesus sa kanila ang sulat sa indibidwal*

***''20 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.'' (Mateo 5 :20 KJV)*** Narito si Jesus ay nagbabala sa mga tao na mawawala ang kanilang kaligtasan, at hindi sila makakapasok sa Kaharain ng Dios, kung sila'y mamumuhay gaya ng mga Eskriba at Fariseo na batid ang Salita ng Dios at hindi isinabuhay ito o kabaligtaran ang ginawa nila.

***Sapagka't sinasabi ko sa inyo,*** Ang mga salitang ito ay nakatuwid, hindi lamang sa mga totoong mga alagad ni Cristo sa pangkalahatan, o sa kanyang mga apostoles sa partikular, kundi sa buong karamihan ng tao na nasa palibot, t maging sa buong sanglibutan ngayon, na may malaking pagpapahalaga at paghang sa mga eskriba Fariseo para sa kanilang katuwiran at kabanalan tungkol sa sinasabi ni Jesus, ***''na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga Eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.''*** Ang mga Eskriba at Fariseo ay matuwid ngunit kailangan nating pahabain ang mayroon sila upang makapasok sa Kaharian ng Dios.

Kaya't ang higit ngayon na siyasatin natin ang ating sarili at ang ating motibp sa likod ng lahat ng bagay na ginagawa natin. Tayo ay lantad sa harap ng Dios at kailangan nating pahintulutan ang Banal na Espiritu na ituwid tayo at tanggapin natin na baguhin ang ating mga daan at bumalik sa tamang makipot na daan na nais ng Dios na tahakin natin upang makapasok tayo sa walang hanggang buhay na matatanggap natin mula kay Cristo.

Sa pagsasabing ilaw ng sanglibutan, at ang ilawan ay kailangang ilagay sa kandelero, ***''15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.'' (Mateo 5 :15 KJV)*** Ang kandelero ay ang mga simbahan ni Cristo gaya ng mababasa natin sa Pahayag, ***''20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia.'' (Pahayag 1:20 KJV)*** Napag-aralan na natin ang buhay ng pitong simbahan sa mga detalye at nakita natin ang halimbawa ng mga eskriba at Fariseo na sila'y itinanggi ng Dios at ang mga halimbawa ng mga totoong mga alagad ni Jesus na itinalaga Niya sa atin upang maging at ipamuhay. Ating ngayong pupuntahan at magkakaroon ng mabilis na pagsusuri

***1. Sa sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Epeso na iniwang ang kanilang unang pagibig: ''1 Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:2 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan; 3 At may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. 4 Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig. 5 Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka. 6 Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman. 7 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2:1-7 KJV)***

Ang mga eskriba at Fariseo sa simbahan ng Epeso ay ang mga iniwan ang kanilang unang pagibig, ang mga tumangging manalangin, tumangging magtiis, tumangging magevangelio, tumangging magsimula ng pag-aaral ng Bibliya at gumawa ng bagong mga alagad at hindi ipinagpatuloy ang ministerio dahil sila'y pinanghinaan ng loob at pinagninilayan pa rin ang kanilang mga naunang sugat at naakit sa kamunduhan ng mga kasinungaling na iyon, ng mga huwad na apostol at ng mga umalis sa simbahan na nagtatamasa ng makamundong buhay. Kung ikaw ay ganoon kailangan mong magmadaling lumabas sa ganoong kawalan ng pag-asa at bitag na itinakda ng diablo upang hadlangan ka mula sa paglilingkod sa Dios, nalalaman sa malao't madali ipapadala ni Cristo ang Kanyang paghatol sa iyo kung ikaw ay hindi magsisisi. ***"5 Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka." (Pahayag 2:5 KJV)*** Si Jesus ay nagbabanta dito na aalisin Niya ang Kanyang simbahan na hindi handang magpagaling sa panghihina ng loob, kaya mag-ingat at magsisi.

***2. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Smirna, ang simbahang inuusig: "8 At sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay: 9***

***Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. 10 Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. 11 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan." (Pahayag 2:8-11 KJV)***

Ang mga eskriba at Fariseo sa simbahan ng Smirna ay ang mga nagpakagal para sa Panginoon ngunit tumangging dumaan sa pag uusig at nagpatuloy doon, natatakot na magdadala sa kanila sa kamatayan. Sinasabi ni Jesus sa kanila at sa atin ngayon na maging tapat hanggang sa huli at ibibigay Niya sa atin ang putong ng buhay, ***"10 Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay." (Pahayag 2:10 KJV)***

Ang mga eskriba at Fariseo sa simbahang ito at ang mga iniibig ang kanilang buhay, ngunit mawawala ito sa kanila. Ang higit na nais mong iligtas at panatilihin ang iyong buhay at iwasan ang kapighatian at iwasang makapasok sa kapighatain sa sampung araw, sa gayon ikaw ay mawawala, ngunit kung iaalay mo ang iyong sarili sa Dios, sa gayon ikaw maliligtas, ***"Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mateo 16:25 KJV)*** Kung katulad mo niyon kailangan mong magsisi at piliing magpatuloy sa makipot na daan kahit na ikaw ay inuusig at magdulot sa iyong buhay. Hindi dapat tayong matakot, sapagkat si Jesus ay sumasa atin at hindi niya tayo iiwan, sapagkat bubuhayin Niya tayo mula sa mga namatay sa huling araw.

***3. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Pergamus, na ang simbahang iyon ay babad sa sanglibutan, ang makamundong simbahan na hindi pinanatiling birhen ang kanyang sarili kay Jesus: "12 At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim; Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas. 14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid. 15 Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita. 16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. 17 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." (Pahayag 2:12-17 KJV)***

Ang mga eskriba at Fariseo sa simbahang ito ay ang mga nagpapatuloy na maging tapat sa pananampalataya, iniingatan nila ang kanilang pananampalataya kay Cristo at hindi nila itinanggi ang Kanyang pangalan, tiniis nila ang paguusig, sila'y nagpatuloy sa pag-eevangelio, ngunit may ilan sa kanilang sa kanila na iniingatan ang katuruan at doktrina ni Balaam, na ipinahintulot at pinayagan ang immoralidad sa kanilang mga manggagawa at sa bagong mga tao na kanilang inaabot. Ang mga Eskriba at Fariseo sa simbahang ito ay ang mga makamundo at nakababad sa kamunduhan. Sa simbahang ito mayroong pag-eevangelio ngunit ang mga lalaki ay nakikihalubilo sa mga babae at nagkaroon ng kasintahang babae, at ang mga babae ay nakikihalubilo sa mga lalaki at nagkaroon ng kasintahang lalaki. Ang pakikiapid ay lumaganap sa simbahang ito. Ipinahintulot ng simbahang ito ang pagkain na ihandog sa mga dios-diosan na napasaloob ng simbahan, na ipinahintulot ang mga pagdiriwang tulad ng araw ng kapanganakan, Pasko, Bagong taon, Valentino, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng mga Patay, pagkaing inihandoog upang akitin ang mga babae sa pakikipag ugnayan, atbp. Kung ikaw ay ganoon nais ng Dios na ikaw ay magsisi at patuloy na gawin ang iyong ministerio at pag-eevangelio malayo sa pagpapahintulot ng mga imoralidad at pagpapahitulot ng pagkain at ang inihandog sa mga dios-diosan (demonio) at makamundong mga pagdiriwang upang gamitin para dalhin ang mga tao sa simbahan.

***4. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Tiatira, ang mapaglarong simbahan. Ang kahulugan ng Tiatirs ay tiatro: "18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: 19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang inirarатay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking***

***kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. 24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa:27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29 KJV)***

Ang mga Fariseo at eskriba sa simbahang ito ay ang mga:

- Na naglilingkod sa Dios, nag eevangelio ngunit mayroon silang sariling agenda.
- Ang mga nagpapanatili at pinahintulutan ang mga immoralidad at pinayagan at tinakpan ang mga gumagawa ng ganoon tulad ng kasintahang lalaki, kasintahang babae, mga pakikiapid, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay, at pag-aasawang muli, ang solong ina o solong ama na nag-asawa sa isang kabiyak na hindi ama o ina ng kaniya o kanilang mga anak.
- Ang mga nagpapahintulot ng mga pagdiriwang at paghahandog kay Satanan at mga demonio, gaya ng araw ng kapanganakan, Pasko, Bagong taon, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween, pagkaing inihandog upang akitin ang mga babae sa pakikipag-ugnayan atbp.
- Ang mga tinanggap ang make-up, pabango, mahalay na pananamit, at ang mga tumatanggap at nagtaguyod ng mga gadget at internet sa mga kamay ng bata at kabataan, at ng mga taong nagpapahintulot sa paghahalo at pagpapahintulot sa mga kabataan na magkasama na hindi kasama kanilang mga magulang tulad ng alam natin na ang lahat ng ito ay nagtataguyod ng mga imoralidad at pakikiapid.
- Ang mga kasakiman at paggamit ng simbahan para sa paggawa ng pera at kayamanan.
- Ang mga iyon ay mapaglarong simbahan at ginagamit ang tanggapan ng simbahan upang mangingikil at gamitin ang mga tao at abusuhin ang bayan ng Diyos at ang mga ministeryo ng Diyos, at samantalahin ang kawan na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga. Ang simbahan ay nagiging basehan ng negosyo. Ang mga gumagawa ng pagkasira sa Kanyang simbahan at ginagamit ang katawan ni Cristo para sa mga posisyon at pribilehiyo at pang aabuso sa mga katungkulan.
- Ang mga gumagamit sa pulitika upang labanan at saktan ang mga lingkod ng Dios na ayaw makipagkompromiso sa kanila at hindi nagpapahintulot o sumang ayon sa kanilang mga pulitika at maling gawain at ang mga immoralidad at pakikiapid na kanilang isinusulong.
- Ang mga tumangging disiplinahin at payagan ang mga gumagawa niyaon.
- Ang mga tumanggi sa paghatol ng Dios sa Kanyang simbahan dahil sa mga ito at sa mga nakikisimpatiya sa mga gumagawa nito at nagagalit at nilalabanan ang simbahan na nagdidisiplina sa gayong mga tao.
- Ang mga sumasamba kay Maria at pinarangalan siya bilang Jesus, katulad ng Katoliko at ang orthodus na mga simbahan.

Tingnan ang lahat na ating nabanggit at kung ikaw at kagaya ng mga iyon, sa gayon kailangan mong magsisi, kung hindi ang paghatol ng Dios ay darating sa iyo, sa anyo ng karamdaman sa higaan at kamatayan sa iyo at sa iyo kung tatangi kang magsisi at baguhin ang iyong mga daan.

***5. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan sa Sardis, ang patay na simbahan : "1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:1-6 KJV)***

Ang mga Fariseo at ang eskriba sa simbahang ito ay ang mga:

- Ang mga hindi tapat; kinalimutan nila at hindi nila batid ang kanilang tinanggap at narinig mula sa Panginoon, kahit na nagsitanggap sila ng marami. Walang mabuti sa simbahang ito, sila'y hindi nag-

eevangelio, hindi nila hinaharap ang mga immoralidad, at pakikiapid at ang ibang mga kasalanan ng kanilang mga kasapi, at wala silang ingat tungkol doon. Sila'y makamundo, kasangkot sa materyal na mga bagay, at ayaw nilang mapalapit kay Cristo at masdang mabuti kung anong kailangan nilang gawin upang sumunod nang ganap sa Kanya.

- Na alinman ay walang Banal na Espiritu o hindi nila ginagamit at sinusunod ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay at ministeryo; kaya nga patay na sila na parang hindi sila ipinanganak muli.
- Ang mga tamad, kampante, walang ipinagbago sa kanilang natanggap na katuruan, pagpapayo at pagbabala.
- Ang mga gumagamit sa mga talento para ministério at hindi ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na ibinigay ng Dios sa pamamagitan ng Bautismo ng Banal na Espiritu na mababasa natin sa ***Roma 12:6-8, 1 Corinto 12:8-10, 28,*** at sa ***Epeso 4:11.*** Sila'y hindi pinangunahan ng Banal na Espiritu
- Ang mga na aliman ay nagmamalaki sa kanilang naunang karanansan at pagkakamit at ngayon wala silang ginagawa, kundi nabubuhay malayo mula sa kalooban ng Dios, o sila'y nabubuhay sa kasalanan, Sila'y may mabuting pangalan sa pagiging masigla ngunit sila ay patay.
- Ang mga na ang lahat ng kanilang mga gawain ay hindi sakdal o hindi buo.

Kung ikaw ay ganoon kailangan mong magsisi kung hindi ang paghatol ni Cristo ay darating sa iyo at sa panahon na hindi mo ito inaasahan: ***"Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo." (Pahayag 3:3 KJV)*** Binantaan ni Jesus ang simbahang ito na papawiin ang kanilang mga pangalan mula sa aklat ng buhay. Magsisi, talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, maging tapat at alalahanin ang iyong narinig at tinanggap mula sa Kanya, sumunod sa Kanya, bumalik kay Cristo at sa Kanyang mga daan, at hanapin mapuspos at puspusing muli ng Banal na Espiritu, kung hindi papawiin ni Jesus ang iyong pangalan mula sa aklat ng buhay.

***6. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Filadelpia, ang matagumpay na simbahan: "7 At sa anghel ng iglesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at di maibubukas ng sinoman: 8 Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan. 9 Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig. 10 Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa. 11 Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong. 12 Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Dios, at ang aking sariling bagong pangalan. 13 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:13 KJV)***

Ang kaibahan sa pagitan ng simbahang ito at sa simbahan ng Epeso, ang simbahan sa Epeso ay gumawa ng dakilang gawa sa ministerio at sa pag-eevangelio, ngunit nang sila'y naharap sa mga sinungaling at sa gumagawa ng masama at sa mga nagdulot ng ng pagbahagi-bahagi sa simbahan sila'y pinanghinaan ng loob, ngunit ang simbahang ito'y nagpatuloy, tila parang ang paguusig ay nagpahikayat sa kanila, sila'y nagpatuloy, at nagkaroon ng maraming bunga sa panahon ng pag uusig dahil sila'y nagpatuloy na mamuhay sa kabanalan, at sila'y nagpatuloy sa pagibig sa paglilingkod sa Panginoon, na maglingkod sa mga kapatid at abutin ang bagong mga tao, sa pamamagitan ng paggamit ng bagong mga pintuan na binuksan ni Jesus para sa kanila, na mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad, pagsunod nang tumpak nang may pagsunod sa pangunguna ng Banal na Espiritu, at mahigpit na kumapit sa kanilang natanggap mula sa Panginoon. Dahil sa kanilang pagtitiyaga ang kanilang mga kasapi ay ang mga haligi ng simbahan ng Dios.

Ang kabaligtaran sa mga kapatid sa simbahan sa Filadelpia ang mga Fariseo at ang mga eskriba; ang mga tumangging magpatuloy sa pagibig at paglingkuran ang Panginoon, at tumangging gamitin ang bagong mga pintuan na binuksan ng Dios sa Kanyang simbahan upang mag evangelio at ang tumangging magdusa sa pag uusi, na tumangging magpatuloy sa mamuhay sa kabanalan. Kung ikaw ay ganoon kailangan mong magsisi. Nang binuksan ng Dios ang pintuan para sa iyo upang magevangelio at ipahayag ang hiwaga ni Cristo, kailangang gamitin mo ito upang ipangaral ang Evangelio at upang ipahayag ang Salita ng Dios at ang Kanyang kalooban, at kailangan mong magpatuloy mamuhay sa kabanalan at tanggapin ang kapighatian habang ikaw ay nagpapatuloy sa paglilingkod sa Dios.

***7. Ang sulat ni JesuCristo sa simbahan ng Laodecia ang simabahang nakikikompromiso: "14 At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at***

***totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios: 15 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. 16 Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. 17 Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad:18 Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. 19 Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. 20 Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko. 21 Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. 22 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:14-22 KJV)***

Ang mga Fariseo at ang eskriba sa simbahang ito ay ang mga:

- Ang mga makompromiso, nagsasalita ng mga pagpapapuri, mga taong nagpapasaya, at mapagparaya sa lahat ng doktrina, paniniwala, at gawain para lamang sa kapakanan upang mapasaya ang mga tao. • Yaong mga natatakot sa tao nang higit kaysa sa Diyos.
- Ang mga taong dahil sa kanilang mga kompromiso ay maaaring sinasabi pa nila sa Panginoon na hindi ka namin kailangan kundi kailangan namin ang mga tao at ang kanilang lingap para sa amin.
- Ang mga umiiwas sa pagdurusa at mga pagsubok ay gumagamit ng mga kasinungalingan para bigyang-katwiran ang kanilang mga kompromiso. Yaong mga nagtataguyod ng demokrasya at mga karapatan ng mga tao, at hindi ang Salita ng Dios ni ang kalooban ng Dios.
- Ang mga nagpapahintulot at nagtataguyod ng kasinungalingan.
- Ang mga taong hindi tapat at hindi tapat ay nagpapatotoo para kay Cristo.
- Ang mga taong sa kanilang mga kompromiso ay hinayaan si Cristo na nasa labas ng kanilang buhay, sa labas ng buhay ng kanilang pamilya, sa labas ng kanilang ministeryo at sa labas ng simbahan.

Kung ikaw ay ganoon, panahon na para magsisi ka, magpakumbaba, talikuran ang iyong kayabangan, at tanggapin na magdusa para kay Cristo, at payagan Siyang muli sa iyong buhay, Siya ay kumakatok sa iyong pintuan upang pumasok sa iyong buhay at pumasok sa Kanyang simbahan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Dios sa kanyang awa ay ipinapadala ang Kanyang Salita sa atin sa pagbibigay sa atin ng isang pang pagkakataon upang magsisi at magbago. Balikan ngayon ang iyong narinig at basahin, at isalang alang ang iyong mga daan at tingnan kung nasaan kana ngayon mula sa mga huwarang ito, at kapag hindi mo tinutupad ang Salita ng Dios, sa gayo'y kailangan mong magsisi at baguhin ang ang iyong mga daan at magsimulang muli na mamuhay sa kabanalan para sa Dios at magsimulang muli na paglingkuran Siya.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang ibigay sa akin ang walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa malinaw na Salita na ipinakita kung sino ang mga eskriba at Fariseo sa Bagong Tipang simbahan.*

*Lumapit sa Panginoon at ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong mga kakulangan at kakulangan ng pangako. Panginoon ipinahayag ko at tinalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan _________________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga tagubilin na aking natanggap ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang sarili na paglingkuran ka at gawin ang pinaka bagay na wala sa akin at sa inilarawan ng iyong Salita sa akin.*

*Panginoon salamat sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at binago ang kanilang mga daan; na handang maituwid at lumakad sa iyong mga daan. Panginoon tulungan mo sila na matupad ang kanilang ipinangako sa iyo, at gawin ang tama ayon sa iyong kalooban at sa iyong Salita.*

*Panginoon ipinangako namin ang aming sarili bilang isang simbahan upang mabago at sumunod sa mensahe at gawin ang kakulangan namin sa paglilingkod sa iyo. Ipinangako namin ang aming sarili na ipamuhay ang aming buhay na itinalaga mo para sa amin. Panginoon puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at manguna ka sa amin at tulungan kami na mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa upang ang iyong kalooban ay maganap sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong mga kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 67. Ang mga Fariseo at ang mga eskriba ng simbahan ng Bagong Tipan ay nauukol sa pitong kandelero na pitong simbahan na ipinadala ni Jesus sa kanila ang sulat sa indibduwal. Mateo 5:20, 15. Pahayag 1:20. Pahayag 2:1-29. Mateo 16:25. Pahayag 3:1-22.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com